

# Chapter

# One

“Ano ba talaga’ng hinahanap mo sa isang lalaki?” untag ni Hydee sa kanyang best friend habang sinusuklay ang malagong buhok nito.

Katatapos lang nilang mag-jog at kasalukuyang nagpapahinga sa damuhan sa loob ng kanilang bakuran. Naroon sila sa ilalim ng isang puno ng Indian mango, kaya malilim doon kahit papataas na ang araw.

“So ayaw mo talaga kay Lex?”

Umingit lang ang kaibigan at sumiksik sa dibdib niya; nagso-sorry sa pagiging dahilan nito ng lungkot niya.

“Bakit naman? Ang guwapo-guwapo n’un, di mo ba napansin? Pag nakikita ko nga siya, naaalala ko si Chris Evans. Ang cute-cute niya!” Sa isip ay na-picture ni Hydee ang mukha ng nabanggit na aktor.

Nanatiling nakasimangot si Venus. Nagtaas ito ng ulo at tiningala siya na parang nanghihingi ng pang-unawa.

She sighed. Iyon ang dilemma niya sa ngayon: ang paghahanap ng lalaki. Hindi para sa kanya, ano! Kaaalis lang niya mula sa isang pahirap na relasyon at wala pa siyang balak na maghanap ng panibagong sakit sa damdamin.

Her friend was a different case. Kailangan na nitong makahanap ng magiging tatay ng mga anak nito. Medyo cranky si Venus nitong nakakaraan. Possibly because of her raging hormones.

Kung hindi lang mahal na mahal ni Hydee ang best friend niya, pababayaan niya ito sa problema nito. Napakapihikan kasi! Hindi nito type ang lahat ng inireto niya, maging ng doktor nito.

“So s’an na ako maghahanap n’yan ng magiging ama ng mga anak mo? Ayaw mo sa lahat ng pinakilala ko sa ’yo, di ko malaman kung ano’ng gusto mo. Nahihirapan na ako, ayaw mo naman akong tulungan.”

Pero biglang nawala ang atensyon ni Venus sa kanya at itinuon ang tingin sa dako kung saan parang kung sinong heartthrob na lumalakad ang isang malaki at kulay tsokolateng aso papasok sa bakuran ng katabi niyang bahay. Dahil dog lover, nahulaan ni Hydee na ‘Labradane,’ o iyong hybrid ng Labrador at Great Dane, ang breed ng aso.

Hindi niya nabistahan pero parang nauna rito ang amo nito na malamang ay iyong nabanggit ni Tita Luz na inalagaan nito noon.

Nangunot ang noo ni Hydee nang magtatakbo ang kaibigan patungo sa gate niyang kahoy at nagtatarang. Nang hindi makalabas, nagtatakbo ito paikot-ikot habang ginagalaw-galaw ang katawan na parang nagpapapansin.

“Venus!” tawag niya pero nilingon lang siya nito at nagpatuloy sa tarantang pagtatarang at inuungulan ang kapitbahay na parang walang narinig na dumerecho lang sa loob ng bahay.

Sa isip niya, iyon ang version ng best friend niya ng pagkanta ng *‘I wanna have your babies.’*

Nilapitan niya ito at binuhat. Nagwala lalo ang kaibigan at nagtatahol.

Yep, tama ang basa mo. Tumahol nga. Si Venus kasi ay isang Havanese dog na iniregalo sa kanya ng

isang kaibigan noong mamatay ang tatay niya. Maliit lang ang breed nito pero napaka-affectionate. Ito ang kasa-kasama ni Hydee mula noon at naging therapy niya mula sa depresyon.

One year and three months old na ito at ngayon pa lang dumanas ng una nitong estrus o iyong heat cycle ng isang aso.

Puwede naman niya itong ipa-spay kung gugustuhin niya, pero gusto rin kasi ni Hydee na maranasan ng kaibigan kung paano maging mommy bago niya ito tuluyang ipadaan sa operating table.

Sa kasalukuyan, panay ang tambay ng mga aso ng kanyang mga kapitbahay sa tapat ng bakuran niya, patunay na naaamoy na ng mga ito na ready for breeding na si Venus. Kaso choosy nga ito masyado. Ayon sa mga na-research niya at sa vet mismo nito, nagiging malandutay ang mga babaeng aso sa lalaking aso kapag in heat. Pero si Venus, dito lang sa misteryosong kapitbahay lumalandi.

“Stop, Venus,” aniya. Mabuti na lang, mahusay ang pag-train niya rito kaya kaagad itong sumunod. “Ano’ng problema mo? Crush mo ba ’yun?”

Umungol ito nang mas mahina kaysa sa normal na parang malantod na ‘Yes, Mommy’ ang ibig sabihin.

Natawa siya. “Malandi ka. Ayaw mo kay Lex na

cutie pie, 'yun pala, ang type mo 'yung macho at sobrang laki! Sa gan'un ka kilig na kilig?" Tumahol ito muli at napangiti na lang si Hydee. "*Majondi*. Sige na, pupuntahan natin siya mamaya."

Dinilaan nito ang mukha niya bilang pasasalamat.

Sana nga pumayag ang kapitbahay na maging ama ng mga magiging litter ni Venus ang alaga nito. Para naman matapos na ang problema niya.



Nag-ayos at nagbihis lang silang mag-amo at naghanda ng maibitbit bago lumarga sa kapitbahay.

"Let's go, V, let's meet your Prince Charming," aya ni Hydee, sabay magaang na hila sa leash ng alaga. May bitbit din siyang dog cake at fresh fruits para sa asong kapitbahay at sa amo nito.

Naisip ni Hydee, kakaibiganin na lang niya ang kapitbahay at baka pumayag kahit maka-one-night stand lang ni Venus. Papangakuan na lang niya ng isang puppy, o kahit pera kung gusto nito ng bayad.

"Tita Luz," tawag niya habang sinisilip ang loob ng bahay mula sa labas ng mababang gate.

Sinagot siya ng tahol ng isang asong naroon. Naka-leash ito na hawak naman ng isang hubad-baro at may machong likod na lalaki na may mahabang buhok na basta lamang itinali sa likod ng ulo nito.

Iyon siguro iyong dating alaga ng kapitbahay na nabanggit nitong darating para magbakasyon doon. Malamang iyon din ang amo ng very virile stud na crush ni Venus.

Bagay rin sa estranghero ang deskripsyong iyon—very virile stud.

Nakasuot ito ng jogging pants na may prints ng mga ulo ng *Angry Birds* at running shoes. Iyon lang. In fairness, likod pa lang, parang puwede nang iterno kahit sa bahaw. Ulam na.

The man was tall, baka nasa six feet ang tangkad at parang modelo ang tindig at built. Hindi naman nagmumura ang mga muscles nito, but his body was hot.

Moreno ang balat ng lalaki na para bang madalas itong nasa ilalim ng araw dahil sa kung anong sports na kinahihiligan nito. Medyo makintab iyon sa pawis at kinailangan ni Hydee na pigilan ang sariling tumili nang medyo gumalaw ang mukhang matitigas na kalamnan sa likod nito.

*Holy kamote, ang yummy!*

“Champ,” sabi lang nito at kaagad tumahimik ang aso.

Whoa, ang macho rin ng boses! Mababa na masarap sa tainga. Parang gusto rin tuloy niyang

kumanta ng 'I wanna have your babies!'

Nakangiting umiling si Hydee para palisin ang kalokohan mula sa isip. Ni hindi pa nga niya nakikita ang mukha ng estranghero. Malay ba niya, baka macho lang pala ito pero ang mukha ay mas bagay sa isang pug o doberman.

Naisipan niyang magpakilala na. "Good morning, kuyang alaga ni Tita Luz! Sa 'yo ba 'yang aso...."

Napahinto siya nang humarap ang lalaki. Lean at toned ang muscles, lalo na sa tiyan. And my gulay! Six-pack ba iyon o eight-pack? Posible rin kasing nahilo lang siya, kaya namali siya ng bilang.

"Yes?" untag ng buong-buong tinig.

Dumako ang mga mata niya sa mukha nito at kusang bumuka ang kanyang bibig kasabay ng pagsikdo ng puso.

*Maygas!* Bakit may mukhang ramp model sa bakuran ng kapitbahay niya?

Full lips. Angular and lightly stubbled jaw. Matangos na ilong. Light brown eyes, kapares ng makapal at slightly magkasalubong na mga kilay.

Sa isip ay kung anu-anong mura na ang nasabi ni Hydee, pero isang mahina at mahabang 'syet!' lang ang umalpas sa bibig niya.

Ang hot ng bisita ni Tita Luz!



Tama nga yata ang nanay ni Ezekiel Meneses. Siguro nga kailangan niya talaga ang bakasyon na ito.

Madalas siyang mag-out-of-town at mag-travel sa kung saan-saang bundok o beach, kaya noong una, ayaw niya sana sa ideya ng ina na magpalipas siya nang ilang buwan dito sa Kamaynilaan. Sumunod na lang din siya dahil naisip niyang pagkakataon na rin iyon para magka-bonding sila ulit ng dati niyang tagapag-alaga. Kaya nagpunta siya roon sa bahay ng kanyang Yayay Luz.

Ito ang nag-alaga sa kanya mula noong ipinanganak siya hanggang noong grade five siya. Noon ito nakapag-asawa at nagdesisyong manatili rito sa Pasay. Ganoonpaman, patuloy ang komunikasyon nila at nagkikita rin sila kapag Pasko at summer vacation.

Ngayon ay limang taon nang biyuda si Yayay Luz. Mag-isa na lang din ito sa bahay dahil wala itong naging anak.

Tama nga ang nanay niya ukol sa bakasyong ito. Buti na lang sumunod siya. Siguro susundin na rin niya ang bilin nito na maghanap siya ng babaeng puwedeng mahalina sa lugar na ito.

Napailing si Zeke pagkaalala sa kakornihan ng



kanyang ina. Palibhasa happily married for twenty years sa second husband nito, wala itong ibang gusto para sa dalawang anak—lalo na sa kanya—kundi ang mahanap nila ang kani-kanilang happy ever after.

Naputol ang iniisip niya nang mapansin ang tahulan ng mga asong nadaraan nila ni Champ sa kanilang pag-jo-jogging. Mana talaga sa kanya ang baby niya, heartthrob din.

Aspin ang aso niya at adult na nang in-adopt niya mula sa isang animal shelter. Malaki ito, sturdy, malakas, makintab ang brown na balahibo kaya siguro macho ang dating nito sa mga bitch o babaeng aso. Parang siya lang—iyong macho at malakas ang dating, ah; hindi iyong may brown na balahibo.

Anyway, iyon nga. Malakas ang dating nila. Tuloy kapag nag-jo-jog silang mag-amo, lahat ng babae—tao man o aso ay napapalingon.

Hindi naman mayabang si Zeke, aware lang sa sarili niyang mga katangian. Pero minsan parang gusto na niyang isiping mas curse kaysa blessing ang kagandahang-lalaki niya. Isa iyon sa rason kaya siya ‘nagtatago’ ngayon dito sa Pasay. Masyado siyang guwapo kaya hinahabol siya ng—

Naputol muli ang daloy ng iniisip niya nang maringgan niya ang boses-magandang tumatawag

mula sa bukas nilang gate.

Humarap siya, hindi alintana na wala siyang pang-itaas at low waist ang jogging pants niya kaya hantad na hantad ang katawan niyang—in fairness to him—puwedeng pagkakitaan at i-display sa mga billboards sa EDSA.

“Yes?” nakangiting sabi niya pagharap sa bisita.

As expected, naroon ang paghanga sa mukha ng babae nang pasadahan ng tingin ang katawan niya. Nang tumutok ito sa kanyang mukha, noon ito natulala.

Pinigilan ni Zeke ang namuong ngiti sa labi.

Makinis ang maliit na mukha ng kaharap na kinatatampukan ng almond-shaped eyes, maliit na ilong, mapupulang labi na medyo nakaawang ngayon.

Cute ito. At pamilyar. As in sobrang pamilyar na tipong may past sila.

Kumunot nang kaunti ang noo niya habang kinikilala ang babae. Ex ba niya ito? Pero dadalawa lang naman ang nakarelasyon niya para masyado siyang malito.

May ibinulong ito na hindi niya masyadong narinig.

“I’m sorry?” untag niya.

Dahil nakatitig siya sa mukha nitong expressive,

masasabi ni Zeke kung kailan iyong eksaktong segundo na tila dumating sa isip ng babae ang realisasyon. Namilog lalo ang mga mata nito.

Mayamaya ay sumeryoso ang expression, nagsalubong ang mga kilay na sa kung anong dahilan ay lalong naging pamilyar ito sa kanya.

“Ah, never mind,” sambit nito, matabang ang tono. “Pakibigay na lang ang mga ito kay Tita Luz.” Ibinagsak nito sa mga braso niya ang basket ng prutas at isang magaan na box. Dinampot nito ang maliit at mabalahibong aso saka tumalikod. Noon niya napansing sexy rin pala ang babae at maganda ang hugis ng legs at puwitan.

“Wait!” tawag ni Zeke. Minabuti niyang ibaba ang mga dala sa veranda bago ito sinundan. “Do I know you? Why do you look familiar to me?”

Humarap ito at binigyan siya ng masamang tingin saka umirap nang matalim.

Bigla, parang may ilaw na nagliwanag sa loob ng utak niya pagkakita sa magkasalubong nitong mga kilay.

“Oh, f\*cking unbelievable,” mabagal na sambit niya kasabay ng malawak na ngiti. “Soulmate!”

Sa malas, hindi siya nito pinansin at nagdere-derecho palabas ng gate at papasok sa tarangkahan na

katabi ng sa kanila.

Oh, doon ito nakatira?

Hindi napigilan ni Zeke ang pagngiti. Mukhang pinagbibigyan siya ng tadhana ng second chance, ah.

Akalain niya bang sa dinadami-dami ng puwedeng maging kapitbahay ng kanyang dating yaya, naging si Hydee pa talaga!

